タガログ語／Tagalog

# PATAKARAN AT NARARAPAT NA KAUGALIAN SA EVACUATION SHELTER

Ang evacuation shelter ay pansamantalang tirahan para sa mga taong hindi makauwi dahil sa kalamidad. Dahil makikisama ka sa maraming tao, pakiusap na sundin ang mga patakaran at tamang pag-uugali.

① Pakitala ang iyong pangalan sa reception.

② Ang shelter ay pinapatakbo sa pamamagitan ng pagtutulungan ng mga taong gumagamit nito. Mangyaring makibahagi nang aktibo sa mga gawain dito.

③ Makipagtulungan at maging makonsiderasyon sa mga matatanda, may kapansanan, may mga sanggol, buntis.

④ Hubarin ang sapatos at ilagay sa mga lalagyan ng sapatos. Maaari ring ilagay sa plastic bag ang hinubad na sapatos.

⑤ Mangyaring huwag mag-ingay o gumawa ng malalakas na tunog. Para sa pangangalaga ng mga sanggol, pakigamit ang nakahandang child-care space na nasa lugar na hiwalay sa tulugan upang matiyak ang maayos na pahinga ng ibang evacuees.

⑥ Ipinagbabawal ang paggamit ng anumang may apoy, ang paninigarilyo, at ang pag-inom ng alak sa loob ng shelter.

⑦ Pakisuyo na iset ang inyong cellphone sa silent o ‘manner mode sa loob ng shelter.

⑧ Pakiusap na igalang ang privacy ng bawat isa at huwag basta-basta pumasok sa lugar ng ibang tao nang walang pahintulot sa loob ng shelter.

⑨ Hindi maaaring ipasok ang mga alagang aso, pusa, at iba pang alagang hayop sa loob ng evacuation center. Pakisuyong makipag-ugnayan sa mga tagapangasiwa ng evacuation center upang malaman kung saan maaaring ilagay o alagaan ang inyong mga alagang hayop.

⑩ Huwag pumasok sa mga kuwartong may nakalagay na ‘Bawal Pumasok’.

⑪ Kapag namamahagi ng pagkain at mga relief goods, mangyaring sundin ang tamang pila. Kung kulang ang pagkain, bibigyan ng prayoridad ang mga taong nangangailangan ng espesyal na konsiderasyon tulad ng nakatatanda, may kapansanan, may sanggol, o buntis.

⑫ Pakisuyo na itapon ang basura sa tamang lugar na itinakda para dito.

⑬ Panatiliing malinis ang palikuran. Kung madumihan ito, pakilinisan rin ito.

⑭ Kapag lilipat ka sa ibang evacuation center o sa bahay ng kaibigan, o kung uuwi ka na sa sarili mong tahanan, mangyaring ipaalam ito sa mga tagapangasiwa ng evacuation center.

⑮ Kung mayroon pang ibang bagay na hindi naiintindihan, mangyaring kumonsulta sa mga tagapangasiwa ng evacuation center.

Inihanda ng: Public Interest Incorporated Foundation Tochigi International Association.
Kooperasyon: Kagawaran ng Pamamahala sa Krisis at Pag-iwas sa Sakuna ng Prefektura ng Tochigi, Dibisyon ng Pamamahala sa Krisis.

# 避難所でのルールとマナー

避難所は、災害により自宅での生活ができなくなった人が一時的に生活を送る場所です。多くの人と共同生活になるので、ルールやマナーを守ってください。

① 避難所の受付で名簿に記入してください。

② 避難所は、避難所を利用する人が協力して運営します。積極的に運営に参加してください。

③ お年寄り、身体の不自由な人、乳幼児を抱えた人、妊婦などの要配慮者に気配りしながら、助け合いの心をもって生活してください。

④ 避難所では必ず靴を脱いでください。脱いだ靴は靴箱に入れるか、ビニール袋に入れて自分で保管してください。

⑤ 避難所では大きな声や音を出さないでください。乳幼児の育児については、周辺の避難者の安眠を確保するため、就寝場所から離れた場所にある育児スペースを活用してください。

⑥ 避難所では火気の使用はできません。また禁煙です。飲酒も禁止です。

⑦ 避難所では携帯電話をマナーモードに設定してください。

⑧ 避難所ではお互いのプライバシーを尊重して、勝手に他人の場所に入らないでください。

⑨ 犬や猫などのペットを居住スペースに入れることはできません。避難所運営の担当者に、どこで飼育することができるか確認してください。

⑩ 「立入禁止」と表示された部屋には入らないでください。

⑪ 食糧や救援物資の配給時には、順番を守ってください。なお食糧が不足しているときは、要配慮者に優先的に配給されます。

⑫ ゴミは必ず決められた場所に捨ててください。

⑬ トイレはきれいに使用してください。もし汚してしまったら自分できれいにしてください。

⑭ 他の避難所や友人宅などに移るとき、または自宅に戻るときは、避難所運営の担当者に報告してください。

⑮ その他、分からないことがあったときは、避難所運営の担当者に相談してください。

作成：公益財団法人栃木県国際交流協会
協 力：栃木県危機管理防災局危機管理課